



دار زايد للثقافة الإسلامية  
Zayed House For Islamic Culture

Kamangha-mangha ang isang Mananampalataya



zhic.uae @zhic\_uae zhic\_uae zhic

800 555



اتصل على  
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E  
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Ano man ang estado ng buhay ng isang mananampalataya ay hindi siya nangangamba. Ang Propeta Muhammad SAWS: “kamangha-mangha ang katayuan ng isang mananampalataya, lahat ay maayos para sa kanya. At ito lamang ay nangyayari sa isang mananampalataya. Kapag may magandang nangyari sa kanya, siya ay nagpapasalamat, at ito ay maayos para sa kanya. Kapag may hindi kaaya-ayang nangyari sa kanya, siya ay nagpapasensya, at ito ay maayos pa rin para sa kanya” [Muslim:2999]

Ang isang tunay na mananampalataya ay yaong alam niya na ang Allah ay walang ibang nais kundi kabutihan para sa kanya. Kaya naman sa panahon ng kaginhawaan, siya ay nagpapasalamat, at sa panahon naman ng problema, siya ay nagtitiis. Nagpapasalamat siya sa pamamagitan ng puso, dila at gawain. Ang pagpapasalamat ay sa pamamagitan ng kilos na kung saan ito ay kaluluguran ng Allah at sa mga hindi magugustuhan naman ng Allah ay kanyang iiwasan. Ang pagpapasalamat ay susi sa marami pang biyaya. Ang Allah ay nagsabi: “Kung kayo ay magpapasalamat, bibigyan ko pa kayo ng mas marami pa”. Quran [Ibrahim:7]

Sa oras na may darating na problema sa isang mananampalataya, sa yaman man ito, pamilya, o sa sarili, siya ay mananatiling mapasensya at hindi niya ito ikagagalit. Tatanggapin niya ang ibinigay sa kanya ng kanyang Panginoon habang naghahangad ng gantimpala. Habang panatag na inaalala ang sinabi ng Allah: “maaaring ang isang bagay na hindi ninyo naiibigan ay makakabuti sa inyo, at maaaring ang isang bagay na inyong nagugustuhan ay hindi makabubuti sa inyo” Qur’an [2:216], ito ay kanyang inaalala habang siya ay naghihintay ng ginhawa at gantimpala. Ang Allah ay nagwika: “sila lamang na matitiyaga ang tatanggap nang ganap ng kanilang gantimpala ng walang pagbibilang” Qur’an[39:10]. Ang Propeta Muhammad SAWS ay nagwika: “anu mang sakuna ang dumating, sakit man, kalungkutan, o pag-aalala, at kahit natinik man, ito ay paglilinis ng Allah mula sa kanyang mga kasalanan” [Bukhari:5641].

Ang buhay ay paiba-iba, minsan masaya, minsan hindi maganda. Ang Allah ay sinusubok ang pananampalataya at pagiging totoo ng kanyang alipin sa mga panahong ito. Sabi ng Allah: “tunay na susubukin namin kayo sa pamamagitan ng masama at maganda bilang pagsubok” Qur’an[21:35].

Ang pananampalataya ay magdadala sa isang tao sa gawaing pagpapasalamat sa panahon ng kaginhawaan, at pagpapasensya naman sa panahon ng kahirapan. Yaon ay katangiang matatagpuan lamang sa puso ng isang mananampalataya.